AEC
Australian Electoral Commission

Filipino / Pilipino

# Mga reperendum

Ang pederal na reperendum ay isang pambansang botohan ukol sa isang katanungan tungkol sa isang panukalang pagbabago sa Saligang batas. Ang Saligang batas ay ang pagtatatag na dokumento kung paano pamamahalaan ang ating bansa. Nagkaroon na ng 44 na mga reperendum magmula pa noong 1901. May katagalan na rin nang tayo ay nagdaos ng reperendum – ang pinakahuling reperendum ay mahigit na 20 taon na mula noong 1999.

## Sino ang dapat na bumoto

Lahat ng mga mamamayang Australyano na nasa edad 18 at higit pa ay dapat bumoto sa reperendum. Dapat kang nakatala at dapat mong ipabago ang iyong mga detalye kung ikaw ay:

- nagpabago ng iyong pangalan o tirahan kamakailan lang
- sumapit na sa edad na 18 taon, o kaya
- naging isang mamamayang Australyano.

Bisitahin ang **aec.gov.au** o kaya kumuha ng porma ng pagpapatala sa alinmang tanggapan ng AEC.

## Kailan at kung saan ang pagboto

Ang araw ng pagboto ay gaganapin sa araw ng isang Sabado na magbubukas ang mga lugar ng botohan mula ika-8 nang umaga hanggang ika-6 nang gabi sa buong bansa.

Dadayo ang mga pangkat ng nakakalipat-lipat na pangbotohan (mobile polling) sa karamihang mga liblib na lugar itong mga linggong darating hanggang sa pagsapit ng araw ng pagboboto.

Kung hindi ka makaboto sa araw na iyon, maaaring karapatdapat ka sa maagang pagboto nang personal o sa pamamagitan ng koreo.

Makukuha ang karagdagang mga detalye sa **aec.gov.au** habang papalapit ang araw ng reperendum.


## Paano ang pagboto

Kakaiba ang pagboto sa reperendum kumpara sa halalan. Kailangan mo lamang kumpletohin ang isang papel ng balota.

Ang papel ng balota ay maglalarawan ng isang katanungan tungkol sa isang panukalang pagbabago sa Saligang batas. Para sa pagboto, isulat ang 'yes' kung inaaprubahan mo o kaya 'no' kung hindi mo inaaprubahan ang panukalang pagbabago.

Sa lugar ng botohan, maaari kang magpatulong sa isang opisyal ng pagboto, kaibigan o kapamilya kung paano ang paglalagak ng isang pormal na boto.


**Huwag mag-alala kung may nagawa kang kamalian.**
Humingi ng panibagong balotang papel at umpisahan ulit ang pagsulat.


Commonwealth of Australia
BALLOT PAPER
State/territory
OFFICIAL USE ONLY
Referendum on proposed Constitution alteration
DIRECTIONS TO VOTER
Write "YES" or "NO" in the space provided opposite the question set out below.
A PROPOSED LAW:
There would be a description of the proposed constitutional change here.
DO YOU APPROVE THIS PROPOSED ALTERATION? YES
WRITE "YES" OR "NO"
AEC Australian Electoral Commission
SAMPLE

Halimbawang papel ng balota

Isulat ang **YES** kung inaaprubahan mo ang panukalang pagbabago

O KAYA


Commonwealth of Australia
BALLOT PAPER
State/territory
OFFICIAL USE ONLY
Referendum on proposed Constitution alteration
DIRECTIONS TO VOTER
Write "YES" or "NO" in the space provided opposite the question set out below.
A PROPOSED LAW:
There would be a description of the proposed constitutional change here.
DO YOU APPROVE THIS PROPOSED ALTERATION? NO
WRITE "YES" OR "NO"
AEC Australian Electoral Commission
SAMPLE

Halimbawang papel ng balota


Isulat ang **NO** kung hindi mo inaaprubahan ang panukalang pagbabago

Ang iyong sagot ay dapat nakasulat sa wikang Ingles.

## Paano pagpapasiyahan ang resulta

Ang panukalang pagbabago sa Saligang Batas ay dapat na aprubado ng 'dobleng mayoridad ' (double majority) – ibig sabihin na:

- ang pambansang mayoridad ng inilagak na pormal na mga boto ay (mahigit sa 50%) magmula sa lahat ng mga estado at teritoryo, at
- Ang mayoridad ng inilagak na pormal na mga boto ay (mahigit sa 50%) sa karamihang mga estado (na hindi kukulangin sa apat mula sa anim na mga estado).




**Ang resulta ay umiiral.** Ibig sabihin nito na ang Pamahalaang Australyano ay dapat kumilos alinsunod sa kapasyahan ng mga botante.

## Mga nabukong alamat ng reperendum

**ALAMAT:** Ang mga reperendum ay maaaring gawin kahit sa anumang paksa o batas.
**KATUNAYAN:** Ginaganap lamang ito upang gumawa ng panukalang pagbabago sa Saligang Batas.

**ALAMAT:** Ang 2017 na sarbey sa batas ng pag-aasawa (marriage law survey) ay isang reperendum o plebisito.
**KATUNAYAN:** Ito ay isang sarbey sa koreo at ang pagsali ay hindi sapilitan.

**ALAMAT:** Hindi sapilitan ang pagboto sa isang reperendum.
**KATUNAYAN:** Kailangan kang bumoto kung isa kang mamamayang Australyano na nasa edad 18 taon at mahigit pa.

**ALAMAT:** Kailangan kong magpatala ng magkahiwalay.
**KATUNAYAN:** Kung ikaw ay nakatala para sa mga halalan, nakatala ka na rin para sa mga reperendum. Tiyakin lamang na ang iyong mga detalye ay napapanahon.

**ALAMAT:** Makakaboto lang ako sa pamamagitan ng koreo.
**KATUNAYAN:** Makakaboto ka sa araw ding iyon o i-tsek ang iyong pagiging karapatdapat na bumoto nang maaga na dadalo ng personal o sa koreo sa pamamagitan ng pagbisita sa aec.gov.au sa nalalapit na araw ng reperendum.

**ALAMAT:** Ang reperendum ay nangangailangan ng 70% o mahigit pa na 'yes' na mga boto para maging pasado.
**KATUNAYAN:** Kailangan itong aprubado ng mahigit sa 50% ng mga botante sa lahat ng mga estado at teritoryo, at mahigit sa 50% ng mga botante sa isang mayoridad na estado (hindi kukulangin sa apat na estado sa loob ng anim). Ito ay ang dobleng mayoridad ('double majority').

## Tumigil at pag-isipan ang pinagmulan

Ang iyong boto sa reperendum ay makakatulong sa isang mahalagang pagpapasiya para sa Australya.

Sa panahon ng reperendum, maaaring makasagap ka ng impormasyon na sinadyang mapanlinlang.

Tumigil, i-tsek at pag-isipan ang pinagmulan ng anumang iyong nakita, narinig o nabasa. Huwag magpalinlang sa maling impormasyon para dito sa reperendum.


Bisitahin ang **aec.gov.au** para sa mga pabatid (tips) sa pagtse-tsek ng pinagmulan.

## Ginagampanang papel ng AEC

Ang AEC ay isang independiyente at walang kinikilingang awtoridad na itinatag ayon sa batas.

Ang ginagampanang papel nito sa reperendum ay ang pagbibigay ng mga serbisyo sa pagpapatala, pagboto at impormasyon.

Habang ang AEC ang maghahatid ng polyetong yes/no sa mga sambahayang Australyano, ang impormasyon nitong produkto ay ginawa ng Parliyamento. Maliban sa paghahatid ng polyeto, ang AEC ay walang kinalaman sa mga kampanya na kampi o laban sa panukalang pagbabago ng Saligang Batas.




**aec.gov.au/translated** 1300 720 153

AEC
Australian Electoral Commission

AEC23/1804

Awtorisado ng Komisyonado ng Halalan, Canberra
Authorised by the Electoral Commissioner, Canberra